LUNGSOD NG CALAMBA LAGUNA 1742 2001

CALAMBALITA

Vol. 2 No. 008, Monthly Edition February 27, 2018 Bilang 12

# HISTORICAL PARTNERSHIP WITH JINJIANG, CHINA FORGED IN CALAMBA





The City of Calamba, led by City Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco welcomed the official delegation from the Municipal People's Government of Jinjiang, Fujian Province, People's Republic of China headed by Vice Mayor Li Zili Friday, 2 February 2018 at the New City Hall Complex, City of Calamba. The 15-man Chinese delegation visited Calamba City to formally sign a letter of intent to establish friendly ties between the two cities. Also present were Laguna 2nd District Representative, Congressman Joaquin M. Chipeco, Jr., members of the Sangguniang Panlungsod, city department heads, city employees and national media.

Upon arrival, the Chinese delegation headed towards the tallest Rizal monument at the Dr. Jose Rizal Plaza for a wreath laying ceremony and proceeded to the Sangguniang Panlungsod Session Hall for a welcome program. In his Welcome Remarks, Mayor Chipeco recalled the city's 2016 visit to Jinjiang wherein they paid homage to the 18.61 ft. Rizal monument in the city, the tallest monument of the hero outside of the Philippines. He thanked Jinjiang for embracing Rizal as its son, acknowledging the hero's Chinese roots and thereby keeping alive the historical link between Philippines and China through the two cities. Mayor Chipeco expressed hope that in forging friendly ties between Jinjiang and Calamba, a deeper and better relationship guided by the principles and values of Dr. Jose Rizal will be established.

Vice Mayor Li Zili's response to the warm welcome extended to their delegation was to invite city officials to visit Jinjiang in the near future to formally seal the two cities' partnership. He was also thankful for the very warm reception hosted by Mayor Chipeco and was proud to call Calambenos their brothers through our fellow Calambeno and their adopted son, Dr. Jose Rizal.

Our national hero traces his roots to Cua Yi Lam, a native of Siongque Village in Jinjiang who migrated to the Philippines in 1697. From him came Juan Mercado, father of Francisco Mercado, Jose Rizal's father, making Rizal the 23rd generation of the Cua family from Jinjiang.

Congressman Joaquin Chipeco thanked Consul General Julius Caesar Flores, Philippine Consul to Xiamen, China for facilitating the delegation's visit and assisting both cities in establishing future friendly relations. Consul Flores was also instrumental in building the sister city ties between Calamba and the German cities of Heidelberg and Wilhelmsfeld when he was consul there. *(Noemi E. Talatala)*



## CALAMBA, ONLY PRIME HRM AWARDEE IN LAGUNA

Not just one but four feathers were added in the already multi-decorated cap of the City of Calamba when Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco received four (4) major awards last 29 January 2018, from the Civil Service Commission Region IV, headed by Director Alexia Tabino and Ms. Marieta Santo, making the City of Calamba the lone recipient of these awards in the entire Laguna Province. The awards were given to the City Government of Calamba for upholding maturity level 2 in the four systems of the Enhanced PRIME-HRM, qualifying the city as candidate for the Bronze Award, the highest award given for such category in 2017. Mayor Chipeco graciously received said awards and recognized the contributions of each city employee. The four systems of the PRIME-HRM are Recruitment and Selection Plan (RSP), Learning and Development (L&D), Performance Management (PM), and Reward and Recognition (R&R).

The Commission also awarded Ms. Maxima Lapastora, City Human Resource Management Officer as the Best Human Resource Management Practitioner in Region IV, for her remarkable performance, dedication, and commitment to public service and for faithfully observing the commission's mandates for effectively implementing its programs and for innovative ideas contributing to more effective, responsive, and committed public workforce. Ms. Lapastora shared the award with her fellow department heads, thanking them for their untiring support. *(Tasha Jomi B. Nuñez)*

## JOB FAIR PARA SA MGA CALAMBEÑO

Umabot sa 713 aplikante (310 lalaki at 403 babae) ang nag-apply noong 15 Pebrero 2018 sa ginanap na Job Fair sa Calamba City Hall Lobby na nilahukan ng 30 kompanya (26 Local at 4 overseas). Ayon sa tala ng Information, Investment Promotions and Employment Services Office (IIPESO) sa pamumuno ni Mrs. Noemi E. Talatala, 74 ang hired on the spot (HOTS) at ang iba ay naka iskedyul para sa final interview. Inasistihan din ng mga Barangay Employment Service Officers (BESO) ng Barangay Paciano Rizal- My-Key Mongaya; Barangay Sucol- Joan Grace Capuno; Barangay 2- Raquel Ramiro; Barangay 6- Jonas Panghulan; Barangay Canlubang- Annabelle Murillo; Barangay Masili- Solidario Apacionado at Barangay Sirang Lupa- Mary Jane Manalo ang mga tauhan ng IIPESO bilang training at paghahanda para sa pagkakaroon ng kanilang sari-sariling Job Fair sa kani-kanilang barangay.

Ang nasabing Job Fair ay isa lamang sa maraming proyekto ng ating butihing Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco, Vice Mayor Roseller "Ross" H. Rizal at ng Sangguniang Panlungsod ng Calamba. *(Cecil H. Canillas/ Noemi Cabrera)*



## LUNGSOD NG CALAMBA, NAPILI NG TOYOTA FOUNDATION TOKYO

Sa pagpupulong nina Mayor Justin Marc "Timmy" Sb. Chipeco at G. Eufrocino J. Guerrero, City Agriculturist kina Dr. Ryohei Kada ng Kyoto, Japan at Dr. Roberto F. Ranola ng U.P .Los Baños noong 25 Enero, tinalakay ang proyektong "A Community-Oriented and Watershed-based Approach for Harmonizing Environmental Conservation and Regional Economy in Indonesia, Philippines and Japan."

Ayon kay Dr. Kada, ang Pilipinas, particular ang Lungsod ng Calamba ay isa sa tatlong lugar na napili upang isagawa ang nasabing proyekto at pag-aaral. Layon ng proyekto na pag-aralan ang mga gawain na makapangalagaan sa Lawa ng Laguna at makatuklas ng mga pamamaraan upang maitaas ang produksyon sa sector ng pangisdaan. Magsisimula ang proyekto ngayong Pebrero, at maglalaan ng mahigit sa 2 milyong yen ang Toyota Foundation ng Tokyo sa bawat bansang napili. *(Tessa Mar Espino)*



# LIBRENG BIRTH, MARRIAGE, DEATH CERTIFICATE AT CERTIFIED TRUE COPY, IPAGKAKALOOB SA 28 PEBRERO




Ang Pamahalaang Lungsod ng Calamba sa pamamahala ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco at Sangguniang Panlungsod ay magbibigay ng libreng certified true copies at certifications ng birth ,marriage at death sa 28 Pebrero 2018 sa City Civil Registry Office (CCR) , Calamba City Hall, kaugnay ng pagdiriwang ng Civil Registration Month na may temang "#napapanahong CRVS" (Civil Registration and Vital Statistics). Magsasagawa rin ang CCR sa pamumuno ni Gng. Ednalina Masongsong ng Reorientation on Rules and Regulations in the Preparation of Certificate of Live Birth na dadaluhan ng mga City Health midwives kung saan muling ipapaalala at pag-aaralang mabuti ang mga panibagong batas na ipinatutupad sa pagpaparehistro ng bata. Kaugnay pa rin ng programa ang Mobile Registration sa mga pampublikong paaralan sa pakikipagtulungan ng DepEd Division Office para sa mga mag-aaral na hindi pa nakarehistro. Para sa iba pang katanungan ,maaari po kayong magtungo sa City Civil Registry Office, Ground Floor, Calamba City Hall o tumawag sa (049) 545-6789 local 8115-8117 *(Zinnia Gecolea / Marivic Balba)*



Photo by: Mayor Timmys' FB


Photo by: Mayor Timmys' FB

# ROAD WIDENING AT RELOKASYON NG MGA POSTE NG MERALCO, SINIMULAN NA

Sa pangunguna ni G. Jeffrey S. Rodriguez, isinagawa noong Pebrero 8, 2018 ang kauna-unahang pagpupulong sa pagitan ng Department of Public Works and Highway, District Office, MERALCO, City Engineering Services Office at ng Public Order & Safety Office ang pagbabalangkas ng plano at maisakatuparan ang paglilipat ng mga poste ng Kuryente ng MERALCO.

Layon ng pagpupulong na tuluyang magamit ng maayos ang mga pinalawak na kalsada sa pamamagitan ng pagtanggal ng lahat ng sagabal kasama na ang mga poste ng kuryente. Isinama sa "priority place" ang kabuoan ng Rizal Street sa mga ililipat na poste ng Meralco.

Nagkaroon ng Joint Survey sa Rizal Street ang Team ng POSO, Engineering, DPWH at MERALCO noong Pebrero 13, 2018 upang tingnan ang lugar at solusyonan ang daloy ng trapiko sa lugar.

Walang dalawang Linggo matapos ang unang pagpupulong, ikinasa ng MERALCO ang kauna-unahang relokasyon ng mga poste sa Bucal, Calamba City. Bilang paghahanda sa Summer Vacation, panahon na dinadagsa ng mga turista ang Brgy. Pansol na kilalang bilang isang Hot Spring Capital. *(Topher Nemes)*







# MGA ARAL NG GIYERA, BINIGYANG - DIIN SA DOCE DE PEBRERO

Madamdamin, makabuluhan at makasaysayan ang naging paggunita ng ika-73 taon ng Calamba Massacre o tinaguriang Doce de Pebrero nitong 12 Pebrero sa Bulwagan ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba. Pinangunahan ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco, Vice Mayor Roseller "Ross" Rizal at ilang mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ang pag-aalay ng mga puting rosas bilang pag-alaala sa mga Calambeñong sapilitang kinuha ng mga Hapon noong 12 Pebrero 1945 mula sa mga barangay ng Lingga, Palingon, Sampiruhan, Real at Lecheria sa pangakong magtatrabaho ngunit sa halip ay papatayin sa Brgy. Real na noo'y tinawag na "The Killing Fields".

Isang makaantig-damdaming pagsasadula ng mga maaaring nangyari noong araw na iyon ang isinagawa ng mga mag-aaral mula sa Calamba Bayside National High School Special Program in the Arts. Sa ipinahatid na mensahe ni Congressman Joaquin M. Chipeco, Jr., inalala niya na ang Calamba Massacre ang isa sa pinakamalagim na pangyayari sa kasaysayan ng lungsod. Aniya, natutunan na natin ang mga masasakit na bunga ng sigalot at digmaan at hinimok ang bawat isa na pagsumikapang huwag nang maulit pa ang mga ganitong pangyayari sa ating mahal na lungsod.

Nagbigay-pugay naman si Mayor Timmy Chipeco sa mga beteranong sumaksi sa programa at kinilala ang kanilang naging mahalagang ambag sa kalayaang ating tinatamasa sa ngayon. Binigyang diin din ng punong lungsod ang pagpapahalaga sa mga aral ng kasaysayan sa pamamagitan ng pagtuturo nito sa mga kabataan. Kaya naman sa huling bahagi ng programa ay iniliwat sa Department of Education, Division of Calamba City sa katauhan ni Dr. Lino Sanchez, kinatawan ni Dr. Rosemarie Torres, Schools Division Superintendent ang isang makabuluhang resolusyong pinagtibay ng Sangguniang Panlungsod at inaprubahan ni Mayor Timmy Chipeco na inaatasan ang lahat ng paaralang elementarya at sekondarya, pribado at pampubliko sa buong Lungsod ng Calamba na pag-aralan ang kasaysayan ng Doce de Pebrero tuwing buwan ng Pebrero upang hindi malimutan ng mga kabataan ang naging pasakit at kabayanihan ng ating mga ninuno noong panahon ng Hapon at nang tumimo sa puso't isipan ng bawat mag-aaral na Calambeño ang pagmamahal sa bayan. *(Noemi E. Talatala)*



# CLDD QUAIL DISPERSAL SA MGA DRUG DEPENDENT, KAPAKIPAKINABANG!


Isang drug dependent ang nabigyan ng 120 pugo na may kasamang pitong (7) sakong patuka , bakal na kulungan at bitamina para sa pangangalaga at pampaitlog nito noong Disyembre 2017. Matapos ang isang buwan, napakinabangan na ng nasabing drug surrenderee ang nasabing programa, kumikita na siya ng P250 kada araw mula sa itlog ng mga pugo.

Sa kasalukuyan, aabot na sa 48 katao ang nabigyan ng hanapbuhay sa pag-aalaga nito.

Ayon kay Mr. Leonardo "Nards" Opulencia, Hepe ng City Livelihood Development Department, ito ang tugon ng Pamahalaang Panlungsod ng Calamba sa pamamagitan ng tanggapan nila na matulungan ang mga natokhang na magkaroon ng hanapbuhay at unti –unti ng makawala sa kanilang nakasanayang masamang bisyo. Pinuri ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco ang naturang programa dahil natutulungan nitong makaahon at makapagbago ang mga drug surrenderer. *(Jo Busayong/Cecil Canillas)*



# HENERAL VICENTE P. LIM – BAYANING CALAMBEÑO




Naging madamdamin at makasaysayan ang ginanap na pagdiriwang ng ika-130 taong kaarawan ni BRIG. GENERAL VICENTE LIM noong 24 Pebrero 2018. Naghandog ng 21 gun salute ang PNP Calamba bilang parangal. Matapos ang taimtim na panalangin para sa mga sundalo ng World War II, binigyan ng pagkilala ang mga kamag-anak at kaibigan ni Vicente Lim gayundin ang mga sundalong nag-alay ng buhay para sa bansa. Ayon kay G. Justin Ayuyao Manuel, Great Grandson ng Heneral at panauhing pandangal, labis ang kanyang pasasalamat sa patuloy na pagbibigay parangal sa kanyang lolo tuwing kanyang kaarawan. Napakalaking karangalan ang pamanang iniwan niya- pamanang patuloy na gugunitain hindi lamang ng kanyang mga kaanak kundi ng sambayanang Pilipino na pinatunayan ng pagkakalagay ng kanyang larawan sa isang libong piso na ginagamit natin ngayon.

Nagtapos ng kursong Edukasyon sa Philippine Normal College, nauwi sa pagsusundalo nang maipasa ang eksamen para sa sa mga piling-piling kadete ng US Military Academy. Siya ang unang Pilipinong nagtapos sa prestisyosong akademya ng Westpoint sa Estados Unidos. Una siyang nanungkulan bilang 2nd Lt. Col. sa serbisyo militar sa nasabing bansa. Dahil sa kanyang mataas na marka sa Westpoint at ng kanyang mahusay na serbisyo, nahirang siyang guro sa Philippine Military Academy nang bumalik ng Pilipinas.

Nang sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nagging Brigadier General ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas si Lim. Dito niya ipinakita ang katapangan at kahusayan sa pamumuno at pakikidigma laban sa mga hapon mula Abucay hanggang Mt. Natib sa Bataan. Nang bumagsak ang Bataan noong 1942, siya'y napiit sa Capas, Tarlac. Nang makalaya, sumapi sa kilusang gerilya. Hulyo 1944, nang madakip ng mga hapones dahil sa kanyang pagkilos laban sa Pamahalaang Hapon at ikinulong sa Fort Santiago, kung saan nakaranas ng ibat-ibang pagpapahirap. Inilipat siya sa Bilibid Viejo at mula dito , dinala kasama ang kanyang mga kasamahan sa Sementeryo del Norte kung saan tinanggap ang parusang kamatayan.

Sa kanyang ika-130 taong kaarawan ang Pamahalaang Lungsod ng Calamba sa pangunguna ni Mayor Justin Marc "Timmy" Sb. Chipeco , Sangguniang Panglunsod, at mamamayan ng Calamba ay nagbigay ng pagpupugay sa kabayanihan ng ating kababayan . Isang simple subalit makasaysayang programa ay inihanda para sa natatanging araw na ito. *(Marivic D. Balba)*

# I DO, I DO MASS WEDDING SA ARAW NG MGA PUSO

Pinag-isang dibdib ang 80 na magkasintahan kasabay ng pagdiriwang ng Araw ng mga Puso nitong Pebrero 14, 2018 sa Lungsod ng Calamba. Ang proyektong tinaguriang "I Do, I Do" ay inihatid ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba sa pamumuno ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco sa pakikipagtulungan ng Pag-Ibig Fund.

Sa mensahe ni Mayor Timmy Chipeco, nagbigay ito ng 5 languages of love na maaaring sundan ng mga mag-asawa sa kanilang araw araw na pamumuhay:

1. Affirmation – Lagi nating ipadama sa ating mga asawa ang ating pagmamahal katulad ng pagsabi ng I love you.
2. Acts of Service – Magbigay ng serbisyo sa inyong mga asawa katulad ng ipagluluto, o anumang simpleng gawain.
3. Gifts – Sa simpleng pagbibigay ng regalo kahit maliit na bagay sa iyong asawa ay pagpapakita ng pagmamahal.
4. Time – Ang pagbigay ng quality time ninyong mag asawa katulad ng pagsasama ninyo sa mall o di kaya'y pamamasyal ay mainam na bonding.
5. Touch – Ito ang pag hawak ng kamay, kiss o akbay dahil minsan ang mag asawa ay nag-aaway subalit kapag nahawakan mo na ang kamay ng asawa mo ay nawawala na ang galit.

Sa mensahe naman ni Pastor Ernie Cerezo, binigyang-diin nito ang nasusulat sa Bibliya na iwanan ng lalaki ang kanyang pamilya at sasama sa kanyang




magiging asawa sapagkat sila ay pinag-isa na. Ipinaliwanag din nito na ang mga lalaki ang haligi ng tahanan at ang mga babae ay ilaw ng tahanan.

Bilang panimula ng kanilang pagsasama ay binigyan ng regalong electric fan ni Mayor Timmy Chipeco ang lahat ng bagong kasal. Nagbigay din naman ng pagkain at regalo ang Pag-Ibig Fund Calamba sa pamumuno ni Mr. Morris Y. De Ramos, at nagkaroon din ng raffle ng mga appliances at 30,000.00 Pangkabuhayan Package na personal na iniabot ang facsimile check ni Ms. Maria Elsa C. Naga Area Head, Southern Tagalog Group.

Nagbigay din ng mensahe ng pagbati pamamagitan ng video si Pag-Ibig Fund Chief Executive Officer Mr. Acmad Rizaldy P. Moti, at Mr. Eduardo D. Del Rosario Chairperson, Pag-Ibig Fund Board of Trustees.

Ang Kasalang Bayan ay sinimulan mula pa noong 2011 sa pamumuno ni dating Mayor Joaquin M. Chipeco Jr na ngayon ay kinatawan na ng Ikalawang Distrito ng Laguna sa pakikipag tulungan ng Pag-Ibig Fund Calamba. *(Joel Cabactulan)*

## SALAMAT PO AWARD

Isa na namang parangal ang nakamtan ng Calamba sa pamamagitan ni MS. EDNA L. MANCERA, Social Worker Officer II, Special Social Services Division ng City Social Services Department na kinilala bilang isa sa mga dedicated public servants dahil sa kanyang husay at talino sa pagtupad ng kanyang tungkulin. Si Ms. Mancera ang humahawak ng mga sensitibo o maseselang usapin sa CSSD na nasa ilalim ng pamumuno ni Gng. Celin Manabat tulad ng sexual abuse cases, kasunduan ng mga mag-asawang naghihiwalay at isyu ng pagsuporta sa mga anak.


Iginawad ang parangal sa pagdiriwang ng ika-67 taong anibersaryo ng Department of Social Services na may temang "Walang Puwang sa Katiwalian ang Paglilingkod ng Tapat sa Bayan". Tampok sa pagdiriwang ang pagbibigay ng parangal sa mga namumuno, mga kawani, Non-Government Agencies, Local Government Units at Provincial Social Welfare and Development Offices na naglilingkod ng tapat at buong husay na ginagampanan ang kanilang tungkulin.

Ang Pamahalaang Lungsod ng Calamba sa pamamahala ni Mayor Justin Marc "Timmy" Sb. Chipeco at Sangguniang Panlungsod ay patuloy ang suporta sa mga programa at aktibidades ng naturang tanggapan para sa ikakabuti ng mamamayan ng Calamba. *(Marivic D. Balba)*









LUNGSOD NG CALAMBA 1742 LAGUNA 2001

SERBISYO CARAVAN
HANDOG NI MAYOR TIMMY CHIPECO

# BARANGAY BANLIC
## FEB. 27, 2018



Ang SERBISYO CARAVAN ay programa ng ating Punong Lunsod para sa mga Calambeño. Layon nito na maihatid sa mga barangay ang mga serbisyong mula sa iba't ibang sangay ng Pamahalaang Lunsod. Dahil sa SERBISYO CARAVAN, mas maraming nabibigyan ng serbisyo dahil *kami po ang pupunta sa inyo.*

## FREE HEALTH SERVICES

**Medical Check Up**
**Dental Check Up/Tooth Extraction**

## FREE SOCIAL SERVICES

**Job Fair**
**Feeding Program**
**Haircut, Manicure, Pedicure, Massage**
**Senior Citizen ID, PWD ID, Solo Parent ID**
**Notaryo** (Magdala ng valid ID o Brgy. Clearance at Cedula ninyo at ng inyong 2 witness, ORIGINAL at PHOTOCOPY)

## FREE CITY SERVICES

**Pagpaparehistro (Birth Certificate)**
**Free vegetable seeds**
**Anti-Rabies shots. Deworming, Pagkakapon, vitamins para sa mga alagang aso at pusa**
**Livelihood Training/Seminars**

**AT MARAMI PANG IBA!**

FOR SERBISYO CARAVAN SCHEDULE ANNOUNCEMENTS:
Like and Follow us on Facebook: @attyjustinmarcsbchipeco






# DIRECTORY

OFFICE | LOCAL NO. **545-6789**

**MAYORS OFFICE 8307 / 8306**

545-7887 FAX 8305 MO EXT 8225

**OSCA** 576-4963 **SECTORAL** 8213

## ATTY. JUSTIN MARC SB. CHIPECO
CITY MAYOR

## HON. ROSELLER H. RIZAL
CITY VICE MAYOR

**VMO** 8310 **VMO Extension** 8315 **VMO Staff** 8311

| | | | |
|---|---|---|---|
| SANGGUNIANG PANLUNGSOD | 8240 | HON. PEEWEE PEREZ | 8321 |
| HON. EDGARDO CATINDIG | 8322 | HON. ANGELITO LAZARO | 8317 |
| HON. MOISES MORALES | 8318 | HON. DYAN ESPIRIDION | 8324 |
| HON. SATURNINO LAJARA | 8319 | HON. JOHNNY LAZARO | 8320 |
| HON. MARIA VIRGINIA ALCASID | 8325 | HON. SANTIAGO ATIENZA | 8323 |
| HON. CHARISSE ANNE HERNANDEZ | 8326 | HON. EDISON NATIVIDAD | 8316 |

**ACCOUNTING** 8202 / 8203 / 8204
**ADMIN** 8303
**AGRI** 8001 / 8002
**ASSESSOR** 8107 / 8108 / 8109
**BPTFO** 8100 / 8101 / 8102 / 8104
**BUDGET** 8205 / 8206
**BUILDING** 8030 / 8031
**CENRO** 8217 / 8218
**COOP** 8018 / 8019
**CPDO** 8208 / 8209 / 8210
**CSSD** (DSWD) 8226 / 8120
**ENGINEERING** 8211 / 8212 / 8214
**GSO** 8008 / 8007 / 8006/8207/8200
**HEALTH** 8015 / 8016
**HOUSING** 8020 / 8021
**HRMO** 8219 / 8220
**IIPESO** 8011 / 8012 / 8014
**IT** 8005
**LEGAL** 8221 / 8222

**POPULATION** 8329
**POSO** 8024 /8025/ 8026
**REGISTRY** 8115 / 8116 / 8117
**TOURISM** 8331 / 8332
**TREASURY** 8110 / 8111 / 8112 / 8114
**VET** 8003 / 8004

**PNP** 8702 / 8700 / 8701
**BFP** 8601 / 8600
**CCC** (049) 545-0160/545-0555/502-0677
**CMDC** 306-0112 / 545-4384
**COA** 8215 / 8216
**COMELEC** 8017
**DepEd** 545-7331 / 545-5797 / 502-2520
**DILG** 8223 / 8224
**LANDBANK** 545-0177
545-0176 (CASHCARD)
**WATER DISTRICT**
545-1614 / 545-2863 / 545-2728 / 545-7895

KALAN + BANGA FYI


# CALAMBALITA

## EDITORIAL BOARD

**NOEMI E. TALATALA**
*Editor - In - Chief*

**CECIL H. CANILLAS**
*Associate Editor*

**MARIVIC D. BALBA**
*Features Editor*

**MOISES ALCASABAS**
*Managing Editor*

*Staff Writers:*
**RETCHIE PELIPADA, ANALIZA CERVANTES, JOJO BUSAYONG, JOEL CABACTULAN INFORMATION OFFICER NETWORK**

**RIZZA JANE L. JUMARANG**
*Lay-out Artist*

**RIKATHRINA "Kat" C. LANZANAS**
*Graphics Designer*

**MONTE OPULENCIA / DENNIS CEPEDA**
*Photographer*


https://www.facebook.com/attyjustinmarcsbchipeco/





https://www.facebook.com/calambalita




https://www.facebook.com/iipeso.calamba




https://www.facebook.com/Cciolipeso/




https://www.facebook.com/kalanbangaDEN/

